JUSTICE NET

Isang solusyon para sa mga Taga-Canada
Na Nagigipit sa mga Problemang Legal
At Kinakapos sa Pananalapi

Ang **Justice Net** ay isang pambansang tagapaglingkod di-para sa kita na may pananagutang maisulong ang pagkamit ng hustisya para sa mga taga-Canadang mababa at katamtaman ang kita. Nakadisenyo ito para doon sa mga nangangailangan ng tulong na legal, subalit ang kita ay napakataas para maging kwalipikado sa Tulong na Legal ng gobyerno at napakababa naman para sa karaniwang kabayarang legal.

Ang Aming Pangkat
Kinikilala nitong pangkat ng may pananagutang mga abogado ang kasalukuyang krisis sa kahirapan sa pagkamit ng hustisya sa sistemang legal sa Canada, at nag-uukol ng panahon ng kanilang praktis para sa mga kwalipikadong kaso ng mga kliyenteng may mababa at katamtamang kita. Ibinababa nila ang mga karaniwang bayad sa kanila para sa mga kliyenteng matatanggap sa ilalim ng Programa segun sa Iskedyul ng Kabayaran sa Justice Net.

Sino ang Maaaring Kwalipikado?
Ang mga hindi natatanggap para sa mga programang Tulong na Legal ng gobyerno, na ang kabuuang taunang kita ng pamilya ay mababa sa $59,000, at nahihirapang makabayad ng mga karaniwang bayaring legal. Kabilang sa kitang ito ang sahod sa pagkaka-empleyo, mga kinikita sa sariling pag-eempleyo, seguro sa kawalan ng trabaho, kabayaran sa manggagawa, pensyon, tulong-sosyal, mga komisyon, at kita sa pagpapaupa. Para sa karagdagang detalye kung paano magiging karapat-dapat, mangyaring bisitahin ang aming websayt.

Mga Kasong Sinasaklaw
Kasama sa *Justice Net* ang mga kasaling abogado mula sa iba't ibang uri ng problemang legal, kabilang ang mga bagay na pang-krimen, litigasyong sibil, mga gusot sa pamilya, mga gusot sa nagpapa-upa/umuupa, suporta sa may kapansanan, mga kabayaran sa mga benepisyong pangmag-anak, mga aksidente at kapinsalaan, pagkabangkarota, mga karapatan sa trabaho, mga karapatang pantao, mga paglilitis na pang-imigrasyon/paglikas, atbp. Para sa pinakakasalukuyang kumpletong listahan, mangyaring bumisita sa aming website.

Paano ito Nagagawa?
Ang *Justice Net* ay may dalawang paraang nakadisenyo para makatulong sa mga kliyente na makipag-ugnayan sa aming mga kasaping abogado:

- May isang libreng Direktoryong online sa www.justicenet.ca.
- May isang teleponong Hotline para sa mga taong walang linya sa kompyuter sa 1-866-919-3219

Upang mahanap sa **online a**ng abogado, ang mga taga-bisita ay dapat hanapin ang Direktoryong Online. Kapag nakapasok na sa lokasyon at uri ng batas na kailangan, ang Direktoryo ay maglalabas ng pangunahing listahan ng mga abogado at ang mga detalye ng kanilang kasanayan (kabilang ang mga wikang sinasalita, mga espesyal na serbisyo. Atbp.) Ang taga-bisita ang siyang magdedesisyon kung ano ang mas nararapat sa kanyang partikular na kaso, at magkokontak sa abogado. Kung puwede ang abogado, magbibigay ang kliyente ng impormasyon na siya ay karapatdapat at maaaring magpatuloy ng kaso. Mangyaring pansinin na dahil sa ang bawat abogado ay maaari lamang makatulong sa limitadong bilang ng mga kliyente ng *Justice Net*, mahigit sa isang abogado ang kinakailangang kontakin para makakuha ng apoyntment.
Maaaring tumawag ang mga taong walang kompyuter sa 1-866-919-3219 at maliit lang ang bayad sa isang Call Center attendant na makapaghahanap sa Direktoryo at makapaglalabas ng isang listahan ng mga kasaling abogado. Mangyaring pansinin na ang mga attendant sa Call center ay walang kasanayang legal, at hindi makapagbibigay ng payong legal.

Iskedyul ng Kabayaran ng Justice Net Lahat ng mga kaso ng Justice Net ay kukuwentahin ayon sa Iskedyul ng Kabayaran ng Justice Net. Ang mga kabayaran ay kukuwentahin ayon sa iskalang itaas-pababa, isinasaalang-alang ang taunang kita, bilang ng mga sustentado(dependent), uri ng batas, at probinsya. Ang iskalang itaas-pababa ay naka-post sa webseyt at nirerepaso ng pangkat ng Justice Net sa pana-panahon. Ang mga kabayaran sa bawat oras ay mula $100 hanggang $150.

Mangyaring bumisita sa websayt sa www.justicenet.ca upang mapag-alaman ang kabayaran sa bawat oras partikular sa iyong kaso.